

# MUSIKA
## Ikalimang Baitang
## Modyul 4

# PALAKUMPASANG $\frac{3}{4}$




## ALAMIN MO

Matututuhan sa modyul na ito ang katuturan ng **palakumpasan** $\frac{3}{4}$ ng isang awit o tugtugin.

Ang bilang <u>3</u> sa itaas ay nagsasaad na may tatlong kumpas sa bawat sukat at ang kapat na nota o quarter note ay ang tumatanggap ng isang kumpas.

Halimbawa:


3 = may tatlong kumpas sa isang sukat
4 = ang kapat na nota ang tumatanggap ng isang kumpas.




Kapag ipinapalapak ang kumpas, mas malakas ng kaunti ang palakpak sa unang kumpas dahil ito ay may diin.

Maikikilos mo rin ang palakumpasang $\frac{3}{4}$ sa pamamagitan ng pagsayaw ng balse, pagpalakpak, pagtugtog at iba pa.

Ang palakumpasang $\frac{3}{4}$ ay ginagamit sa lahat ng sayaw na balse (*waltz*).





## PAGBALIK-ARALAN MO

Ipalakpak o itapik ang sumusunod na hulwaran habang binibilang ang kumpas o pulso. Damhin mo ang diin sa unang kumpas ng bawat sukat.





## PAG-ARALAN MO

1. Awitin mo ang awiting bayan ng Bisaya na “Lubi lubi” habang nagsasayaw ng balse.
2. Narito ang notasyon ng awit.

# Lubi-Lubi

Awiting Bayan ng Bisaya






Pansinin mo ang bilang na $\frac{3}{4}$ sa unahan ng notasyon. Ito ang palakumpasan ng awit.

Sa **palakumpasan** $\frac{3}{4}$, ang bilang 3 sa itaas ay nagsasaad na may 3 kumpas o pulso sa bawat sukat, at ang bilang 4 sa ibaba ay nagsasabi na ang kapat na nota (quarter note - ♩ ) ay tumatanggap ng isang kumpas.

3 - may tatlong kumpas sa isang sukat
4 - ang kapat na nota o quarter note ( ♩ ) ang tumatanggap ng isang kumpas.

Narito ang mga halimbawa ng hulwaran sa palakumpasang $\frac{3}{4}$.








Sabayan mo ng palakpak ng pagbilang ng 1, 2, 3, ipalakpak nang mas malakas ang unang bilang o kumpas.

3. Awitin muli ang awit na "Lubi-lubi" habang ipinapalakpak ang pulso o kumpas.




## SUBUKIN MO


Awitin mo ang "Bahay Kubo", habang ipinapadyak ang pulso ng awit.



## TANDAAN MO

Sa **palakumpasang** $\frac{3}{4}$, tatlo ang bilang ng kumpas o pulso sa bawa't sukat, at kapat na nota o quarter note ( ♩ ) ang tumatanggap ng isang kumpas at ito ay may diin sa unang kumpas.





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.